FABalita
OPISYAL NA BUWANANG PAHAYAGAN NG AUTHORITY OF THE FREEPORT AREA OF BATAAN
freeportareaofbataan | freeportareaofbataan | info@afab.gov.ph | #WEareFAB

"Ipagpatuloy lamang po nating gawin ang nasimulan na at maaahasahan po ninyo ang aking buong pusong suporta. Mga kapwa ko lingkod bayan, naniniwala akong nananalaytay sa atin ang malalim na pagkakaintindi sa tunay na kahulugan ng pagsisilbi sa bayan."

# Administrator Pangandaman, tagumpay ang investment mission sa Gitnang Silangang Asya

Dubai, UAE – Sunud-sunod ang mga naging pagpupulong ni Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman sa tatlong araw na investment mission nito sa gitnang silangang Asya na ginanap mula ika-6 hanggang 8 ng Setyembre 2023.

Kasama sina Mr. Augusto "Bing" H. Kimpo - Chief of Staff, Atty. Michael Angelo P. Paderanga – Deputy Administrator for Operations, at Atty. Percival Peralta - Corporate Affairs Group Head, kanilang binisita ang mga ehekutibo ng Sahara Motors Dubai kabilang ang General Manager nito na si Mr. Subin Rajesh. Sa sumunod na araw, nagtungo naman ang grupo sa DP World Group upang makadaupang-palad ang Senior Manager for Projects nito na si Khalid Abdulla Fikree at Group Assistant Manager for Government Relations and Public Affairs nito na si Mr. Ahmad Al Mazroui.




AFAB Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman, Chief of Staff Mr. Augusto "Bing" H. Kimpo, Deputy Administrator for Operations Atty. Michael Angelo P. Paderanga, at Corporate Affairs Group Head Atty. Percival Peralta, kasama ang mga lider at negosyante mula sa Gitnang Silangang Asya.

Sa huling yugto ng misyon, bumisita ang AFAB kay Philippine Ambassador to the UAE Alfonso Ver, Consul General Marford Angeles, gayundin kay Masdar Development and Investment Manager Siddharth Nath sa parehong araw para sa isang courtesy call.

Layon ng misyon na bumuo ng mga pagtutulungang magiging mahalagang bahagi ng patuloy na pagbubukas at pagpapalawak ng oportunidad tungo sa pagpapalago ng pamumuhunan sa FAB, gayundin sa buong lalawigan ng Bataan. ▪

# Success story ng AFAB, pinuri ni Senador JV Ejercito



AFAB Administrator Pangandaman kasama sina SBMA Chair Jonathan Tan at Senador Joseph Victor "JV" Ejercito sa public hearing ng Committee on Finance (kaliwa) at pagbisita kay Congressman Abet Garcia (kanan).

Isinumite na ni Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman ang panukalang budget nito sa senado, kasama sina Deputy Administrator for Support Services Malou L. Herrera, Deputy Administrator for Operations Atty. Michael Angelo P. Paderanga, Corporate Affairs Group Head Atty. Percival Peralta, at ilang kinatawan ng AFAB management.

Sa pangunguna ni Senador Joseph Victor "JV" Ejercito, kinilatis ang mungkahing National Expenditure Program ng AFAB para sa taong 2024 sa isinagawang public hearing ng Committee on Finance noong 21 Setyembre 2023. "What they are doing in Freeport in Bataan is good and I hope it can be replicated in other areas - success story talaga 'yan so I hope you keep it up", "Mahusay ang ginagawa nila sa Freeport ng Bataan at sana magaya rin ito ng ibang lugar - success story talaga 'yan kaya ituloy lamang ninyo ang magandang nasimulan", ani Senador Ejercito.

Pagkatapos ng deliberasyon, sinundan ito ng pagpupulong kasama si Bataan 2nd District Representative Abet S. Garcia upang pag-usapan ang mga kooperasyon sa pagitan ng AFAB at ng ikalawang distrito ng Bataan. ▪

# AFAB, lumahok sa mga inisyatibong magpapaigi sa serbisyo publiko




Pagdalo ng AFAB sa magkahiwalay na pagpupulong ng MMWGH at FOI - PMO para sa mga inisyatibong pagpapaigi ng paghahatid ng serbisyo publiko.

**Patuloy ang pagsisikap ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) na matutukan ang pag-angat ng kalidad ng serbisyong publiko nito sa pamamagitan ng paglahok sa mga inisyatibo ng iba't-ibang ahensyang may parehong layunin.**

Kaugnay nito, dumalo ang AFAB sa isinagawang Multi-Sector Governance Council Consultation ng Mariveles Mental Wellness and General Hospital (MMWGH) noong ika-21 ng Setyembre 2023 sa Clark, Angeles City, Pampanga upang mapag-igi ang malawakang pagtingin tungo sa epektibong paghahatid ng serbisyong pangkalusugan sa lalawigan ng Bataan.

Dito'y tumanggap din ng pagkilala ang AFAB sa ibayo nitong pagsuporta sa mga proyekto't programa ng MMWGH para sa komunidad.

Bukod pa rito, dumalo rin ang mga kinatawan ng AFAB sa ginanap na Freedom of Information (FOI) 2023 Transparency Roadshow noong 14 Setyembre sa The Bunker, Balanga City, Bataan kung saan nailatag muli ang mga alituntunin at pamamaraan tungo sa serbisyo publikong malinis, matuwid, at may prinsipyo.

Sa pamamagitan nito, nagpakita ng pagsuporta ang AFAB sa FOI - Project Management Office (PMO) sa layunin nitong bigyang-diin ang karapatan sa impormasyon ng mamamayan, pagsusulong ng pakikilahok ng publiko, at pagsigurado na ang kaukulang impormasyong pampubliko ay maging abot-kamay para sa lahat.

Pinangunahan ni Vice Governor Cris Garcia ang nasabing gawain na dinaluhan naman ng mga kinatawan ng mga departamento sa pamahalaang panlalawigan at mga pangulo ng Association of Barangay Councils sa buong lalawigan. ■

# Administrator Pangandaman, lumahok sa pagdinig sa kamara



**Dumalo sa pagdinig ng Komite sa Ways and Means ang Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) sa pangunguna ni Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman, kasama ang iba pa nitong mga opisyal noong 12 Setyembre 2023. Pinangunahan ito ng chairperson ng komite na si Hon. Joey Sarte Salceda at kinatawan ng ikalawang distrito ng Albay.**

Kabilang sa mga pinag-usapan ang mga iminumungkahing rebisyon sa panukalang batas (House Bill No. 8968) upang mas mapabuti ang umiiral na insentibo sa buwis. Kasama rin dito ang pagpapatupad ng mga reporma upang paigtingin ang dinamismo ng merkadong pananalapi sa bansa.

Ang aktibong pakikilahok ng AFAB sa mga dayalogong gaya nito ang nagpapatunay sa pagtupad nito sa mandatong makapag-ambag sa isang progresibong Pilipinas. ■

## FAB BITS



Pinulong muli ng AFAB ang mga HR managers at personnels mula sa mga FAB Registered Enterprises upang kilalanin ang mahalagang gampanin nito tungo sa maayos na sistema ng paggawa sa FAB. Kasama rin sa programa ang pag-exhibit ng produkto't serbisyo ng Commerce Asia Inc. taglay ang makabagong teknolohiyang maaaring pakinabangan ng mga kumpanya sa FAB. ■




Dumalo ang AFAB sa Data Privacy Council (DPC) Roadshow noong 08 September 2023 sa SMX Convention Center, Clark, Pampanga upang aktibong makibahagi sa pagpapalawig ng kaalaman sa data privacy kasama ang iba pang mga ahensya ng gobyerno sa mga karatig lalawigan. ■



Kinilala ng AFAB ang mahalagang papel na ginagampanan ng ating mga Safety Officers sa pamamagitan ng pagtitipong isinagawa noong 06 Setyembre 2023. Dinaluhan ito ng mga Safety Officers mula sa mga kumpanya sa FAB upang pag-usapan ang mga Best Occupational Safety and Health Practices sa pangunguna ni G. Manuel M. Gonzales - OSH Supervisor ng PPMI. ■



Birtuwal na inihatid ni AFAB Administrator Pangandaman ang kaniyang mensahe sa isang pagtitipong ginanap sa Tsina para sa 2023 First China-ASEAN Two Countries, Twin Parks Cooperation (TCTCP) Round-table noong 17 Setyembre 2023. Dumalo rito ang mga lider at mga opisyal ng gobyerno ng Tsina, mga negosyante mula sa Malaysia, Thailand, Vietnam, at Indonesia. ■